

Nag-aalala ka ba para sa iyong personal na kaligtasan?

May mga taong hindi kumportable sa pagsasapubliko ng kanilang mga detalye sa electoral roll, ngunit hindi iyon nangangahulugang mawawalan sila ng karapatang bumoto.

Kung kwalipikado kang mag-enrol ngunit sa tingin mo ay maaaring makapahamak sa personal na kaligtasan mo, o ng iyong pamilya, ang pagtatala sa mga detalye mo sa nakalathalang electoral roll, maaari kang humiling na maitala sa kumpidensyal at di-nakalathalang roll.

Titiyaking ligtas ng Electoral Commission ang iyong mga detalye sa pag-enrol at hindi ito ibubunyag kaninuman.

NAG-AALALA KA BA PARA SA IYONG PERSONAL NA KALIGTASAN?



Complete this form to apply to go on the unpublished roll.

Full name:

Date of birth:

Contact phone number:

Email address

Address where you are enrolled to vote or have applied to enrol:

List any additional information provided to support your application:

Please tick one of the following:

I am already enrolled

I am not enrolled and I have enclosed a completed enrolment form

Signature/date:

➤ Complete and post to: Electoral Commission, PO Box 3220, Wellington 6140.

➤ Remember to attach any information that supports your application to register on the unpublished roll.

➤ For more information visit elections.org.nz

Paano magpatala sa di-nakalathalang roll.

Upang makaaplay na maitala sa di-nakalathalang roll, sagutin at ibalik ang form na nasa brochure na ito. Kung hindi ka kasalukuyang naka-enrol, kakailanganin mo ring kumpletuhin ang application form. Upang makakuha ng mga enrolment form o karagdagang enrolment form, maaari kang:

- Mag-download ng mga form sa elections.org.nz, o
- Tumawag sa **0800 36 76 56** at ipapadala namin ang mga form sa iyo sa pamamagitan ng koreo.

Anong pansuportang impormasyon ang kailangan kong ibigay?

Kailangan mong magbigay ng pansuportang impormasyon na magpapakita kung bakit mo kailangang magparehistro sa di-nakalathalang roll. Mga halimbawa ng uri ng impormasyong isasama:

- Isang sulat mula sa iyong employer, abogado, social worker, tagapagtanggol, o isang taong may tungkulin sa komunidad na nagpapaliwanag kung bakit ka mailalagay sa panganib ng iyong mga sitwasyon sa trabaho o personal na sitwasyon, o
- Isang kopya ng protection order na ipinapatupad sa bisa ng Domestic Violence Act 1995, o
- Isang kopya ng restraining order na ipinapatupad sa bisa ng Harassment Act 1997, o
- Impormasyon mula sa isang Pulis o Corrections officer na nagpapaliwanag kung bakit maaaring mailagay sa panganib ang personal na kaligtasan mo, o ng iyong pamilya, kapag nalathala ang pangalan at tirahan mo.

Paano kung magbago ang aking mga personal na detalye?

Kakailanganin mong ipaalam sa amin kung magbago ang anuman sa iyong mga detalye sa pag-enrol, tulad ng pangalan o tirahan mo. Maaari mo ring hilinging ibalik ka sa nakalathalang roll kung magbago ang iyong mga personal na sitwasyon.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Registrar of Electors upang i-update ang iyong mga detalye. Makukuha ang kanilang mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa elections.org.nz o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56**.

Paano ako boboto kapag nakatala ako sa di-nakalathalang roll?

Maaari kang bumoto sa anumang lugar na pagbobotohan sa isang general election o by-election. Kakailanganin mong gumawa ng espesyal na boto dahil hindi isasama ang iyong mga detalye sa nakalathalang electoral roll na ginagamit upang bumoto sa lugar na pagbobotohan.

Kakailanganin mong sumagot ng karagdagang form kasama ng iyong papel sa pagboto upang kumpirmahin ang electorate kung saan ka naka-enrol upang bumoto. Hindi mo kailangang ilagay ang tirahan o dating pangalan sa form kung ayaw mo. Kapag nagbigay ka ng mas maraming impormasyon, mas madali naming makukumpirma ang iyong pagiging kwalipikadong bumoto.

May tao sa lugar na pagbobotohan na magpapakita sa iyo kung anong gagawin at kung saan pupunta.

Upang makaboto sa lokal na eleksyon, kakailanganin mong hilingin sa electoral officer sa iyong lokal na Council na padalhan ka ng mga papel sa pagboto.

ELECTIONS

Level 10, 34-42 Manners Street,
PO Box 3220, Wellington 6140.